# 1

"Uuy!" Umaatikabong tuksuhan ang nangibabaw sa paligid ng marriage booth na iyon sa isang private school sa Malolos, Bulacan. Field Day kasi ng *St. Vincent Academy*.

Lahat ng estudyante ay nagkakasayahan maliban kay Ruth. Dangan kasi, siya ang nakasalang sa nabanggit na booth at katabi niya ang matagal na niyang crush na si Aaron Samaniego.

Palibhasa ay matagal na ring batid ng lalaki na may gusto rito ang dalaga, kinasabwat nito ang dalawang babaeng mag-aaral na in-charge sa booth na iyon para katuwaang ikasal sila.

Kilig ang kasalukuyang ibinubulong ng kanyang puso ngunit biglang napalitan iyon ng inis. Dinig na dinig kasi niya ang tawa ni Aaron at kung paano ito natutuwa sa nangyayari sa kanila kahit pa may piring ang kanilang mga mata habang ginagawa ang 'ritwal.'

Ilang sandali pa ay tinatanggal na ng dalawang babae ang kanilang mga piring. Pagkaalis ng sa kanya, kaagad siyang tumakbo palayo sa marriage

booth. Hinabol siya ng kanyang best friend na si Emma na walang nagawa kundi panoorin sila habang 'ikinakasal.'

"Ruth! Ruth! Sandali! Hintayin mo ako!" sigaw ng nagmamadaling kaibigan.

"Miss! Miss! Huwag kang magalit! Katuwaan lang ito!" pahabol na sigaw ng isa sa dalawang babaeng in-charge ng marriage booth.

Sa kantina siya inabutan ni Emma. Umiiyak siyang naupo sa isang silya sa sulok. Pakiramdam niya ay napahiya siya sa ginawa ni Aaron. Pinaglaruan nito ang nadarama niya para rito. At dahil sa ginawa nito na sa tingin niya ay pang-iinsulto, isinusumpa niyang kakalimutan na niya ito at kailanman ay hindi na ito tatapunan kahit sulyap lang.

"Hoy, Ruth!" Nag-aalalang tinapik siya ng kaibigan sa balikat. "Huwag kang umiyak dito! Iisipin nila na talagang patay na patay ka kay Aaron!"

Pinahid niya ang luha. "Bastos na lalaking iyon! Porque ba magandang lalaki siya, puwede na siyang mang-insulto nang ganoon sa isang babae?" Inis na humalukipkip siya.

"Kung ako sa iyo, ititigil ko na ang pagngawa ko at ipapakita ko sa mayabang na iyon na hindi lang

siya ang lalaki sa mundo. Magkunwari ka na lang na bale-wala lang iyon. Makikita mo, siya ang lalabas na katawa-tawa." Pagkasabi niyon ay tumayo ang matalik niyang kaibigan at hinawakan siya sa kamay para itayo. "Halika, kumain na muna tayo. Iti-treat kita ng paborito mong cake," nakangiting anyaya nito.

Habang kumakain sila, pumasok ng kantina si Aaron, kasama ang dalawang kaklase nito. Pagkatapos magsi-order ng mga ito ay naupo ito sa katabi nilang mesa.

Katulad ng mga nauna nilang engkuwentro, nagbubuskahan ang mga ito habang panay ang sulyap sa kanya.

"Hmph!" asik ni Ruth. "'Ayan na naman sila, Emma. Naiinis na ako sa mga patutsada nila. Hindi ko na ito kayang tiisin. Bilisan natin ang pagkain para makaalis na tayo rito."

"Hayaan mo nga sila! Huwag mo silang tingnan. Magkuwentuhan na lang tayo. Magsasawa rin ang mga iyan kapag nakita nilang hindi mo sila pinapansin."

Pinilit niyang ituon ang atensyon sa pinag-uusapan nila ng kaibigan. Mabuti na lamang at

ahead ng one year ang tatlong lalaki sa kanila dahil kung nagkataon, masisira ang konsentrasyon niya sa pag-aaral at malamang ay mawala sa kanya ang scholarship niya.

"Aaron, batiin mo naman ang misis mo! Kakakasal pa lang ninyo ay hindi na kayo nagbabatian!" malakas na kantyaw ni Gabby para patutsadahan si Ruth.

"Puwede mo na palang iuwi iyan, pare! Tutal, may blessing na ni Lord!" pang-aasar naman ni Francis.

Parang gusto nang umiyak ni Ruth sa narinig. Namula ang kanyang mga pisngi at nanginig ang mga tuhod sa hiya. Mayamaya ay ipinahatid niya kay Emma sa pamamagitan ng tingin na gusto na niyang lumabas na ng kantina. Kaagad tumalima ang dalaga. Mabilis ang mga hakbang na nilisan niya ang lugar nang walang lingon-likod.

Bagaman wala silang klase nang araw na iyon, minabuti na lamang nilang manatili sa loob ng kanilang classroom habang hinihintay ang alas dos ng hapon para sa Field Day program.

Nang sumapit ang ala una y media, inilabas na ni Ruth mula sa asul na backpack ang isusuot na

costume para sa isang dance number, at kasama si Emma, tinungo nila ang dressing room.

Bago siyang miyembro ng Salinggalaw, ang all-female dance group ng paaralan. Piling-pili ang kinukuhang miyembro niyon. Mahigpit ang choreographer niyon na si Miss Cruz, isang PE teacher na siya ring tumatayong moderator ng Salinggalaw.

Hindi sapat na mayroong malambot na katawan ang bawat miyembro. Kailangang maganda rin ang mukha at katawan ng mga ito. Isang dahilan umano ito para panoorin ng mga tao at para na rin makakuha ng simpatya mula sa mga hurado kapag sila ay napapalaban sa iba't ibang inter-school dance contests.

Sa isang banda, tila tama nga si Miss Cruz sa prinsipyo nito. Mula noong makasama si Ruth sa grupong iyon, limang competition na ang sinalihan nila at palagi silang nanalo. Kung hindi man first prize ay kadalasang pumapangalawa sila. Ang tropeong natatanggap nila ay idini-display sa achievement room na katabi ng principal's office.

At dahil dito, lalo nitong pinahuhusay ang grupo. Hindi lamang choreography ang itinuturo nito sa mga miyembro ng dance group kundi proper peer interaction, self-discipline at time management.

Ideya rin nito ang pagbibigay ng audition kapag kailangan ng bagong miyembro at isa si Ruth na pinalad mapili.

Makaraan ang ilang sandali, magkakasama na ang grupo ni Ruth sa backstage ng kanilang multi-purpose hall.

"O, Ruth, kinakabahan ka ba?" tanong ni Miss Cruz.

"Bahagya lang po, Ma'am. Natural lang po siguro dahil baguhan pa lang ako sa grupo," nakangiting pagtatapat niya habang isinusukbit pataas sa balikat ang itim na spaghetti straps ng costume niya.

Napansin nito ang pag-aalala niya sa maluwag na tirante ng kanyang damit.

"O, hindi ba't sinabi ko na sa inyong isukat ang costume a week before this program? Para kung sakaling masikip o maluwag ay maipapa-repair agad at nang hindi nalalaglag nang ganyan," pasermon na sabi ng babae habang naghahagilap ng perdible sa bag nito.

"Ma'am, huwag na po kayong mag-alala. Tutal masikip naman itong pang-itaas ko. Hindi naman ako mahuhubaran kung sakaling bumaba ang straps."

Nagbuntong-hininga ito. "O sige, ikaw ang bahala pero sa susunod ay ayoko nang mangyari ito dahil makakasira iyan sa konsentrasyon mo sa pagsasayaw," seryosong turan nito, sabay tapik sa balikat niya. "Gusto ko kasing i-train kang mabuti sa pagsasayaw dahil nakikita kong may potensyal ka para maging magaling na lead dancer ng grupo."

Napangiti si Ruth sa narinig. Matagal na niyang pangarap na maging aktibo sa dance activities ng school kaya nga lamang ay masyado siyang mahiyain. Kaya ngayon ay abut-abot ang pasasalamat niya kay Emma dahil sa ibinigay nitong moral support at encouragement sa kanya.

"Talaga po, Ma'am? Hayaan ninyo at lalo ko pang gagalingan para hindi mapahiya sa inyo."

"That's good! Keep it up! Alam kong hindi ako nagkamali sa pagpili sa iyo, Ruth."

Natigilan siya nang maalala si Dianne na kasalukuyang lead dancer ng Salinggalaw at balitang nililigawan ni Aaron. Ito rin ang dahilan kung bakit nagalit siya sa binatilyo dahil alam niyang si Dianne talaga ang nililiyag nito at hindi siya. At ang paglalaro sa kanya ng lalaki sa marriage booth na iyon ay lantarang pang-iinis lang at hindi seryoso.

"Eh, Ma'am, hindi kaya nakakahiya kay Dianne kung bigla ko na lang siya palitan bilang lead dancer?"

"Don't worry, Ruth. Hindi ko naman siya bibiglain and being the head of Salinggalaw, I know what's best for the group, okay?"

"Thank you, Ma'am," nakangiting saad niya.

"Actually, you don't have to thank me. You should thank the Lord for giving you such a wonderful talent," pagtatama nito.

Iyon lamang at tumalikod na ang choreographer. Hinarap naman nito ang ibang miyembro.

"O, girls," tukoy nito sa iba pa niyang kasamahan, "get ready! Susunod na tayo sa mga kumakantang iyan!"

---

Samantala, prenteng nakaupo si Emma sa bandang harapan ng stage habang ngumunguya ng chewing gum. Excited itong mapanood na sumayaw ang matalik na kaibigan. Iyon kasi ang unang beses na magtatanghal sa sariling school ang Salinggalaw nang kasama na si Ruth.

Nagulat ang best friend ng mananayaw nang

tumabi rito si Aaron.

“O, wala ka yatang kasama? Nasaan ang kaibigan mo? Umuwi na ba?” tanong ng lalaki. Nakangiting-aso ito.

Umirap ang dalaga. “Hmph! Kaya nga ako narito ay para panoorin siya.”

“Bakit? Kakanta rin siya?” tanong nito.

“Sasayaw siya.”

“Kung gayon, ano ang pangalan ng grupo nila?” anito. “Hindi nila kayang tapatan ang Salinggalaw. Magaganda at sexy ang mga miyembro niyon,” pang-aasar pa nito.

“Manood ka na lang kaya.” *Tingnan natin kung hindi lumuwa ang mga mata mo at tumulo pati laway mo kapag nakita mo si Ruth habang sumasayaw*, anang dalaga sa sarili.

Mayamaya ay tinawag na ng emcee ang grupo. Nagsigawan ang mga manonood samantalang ang mga estudyanteng lalaki naman ay hindi magkamayaw sa pag-angat ng mga ulo para masilayang mabuti ang mga mananayaw.

Nakatalikod ang grupo sa umpisa ng tugtog habang isa-isang humaharap sa saliw ng isang sexy

jazz music. Mabagal ang tempo ng sayaw kaya kitang-kita ang indayog ng mga katawan ng mga ito.

Lalong nagsigawan ang mga lalaki nang bumagsak mula sa balikat ang straps ng costume ng isang miyembro, ngunit nanatiling nakahapit sa katawan nito ang damit.

Hindi makapagsalita si Aaron nang makita si Ruth sa ganoong kasuotan. Natulala siya sa magandang mukha at halos perpektong hugis ng katawan ng dalagita sa edad nitong quince.

Salitang sinusulyapan ni Emma ang pinapanood at ang binatilyo. Bakas sa mukha ni Aaron ang pagkabigla at paghanga. Bagay na ikinatuwa ng babae dahil siguradong ikukuwento nito ang nangyari sa kaibigan.

"O, Mr. Samaniego," tukoy nito sa binatilyo. Ininguso nito ang kaibigang nagsasayaw sa stage. "Hayun iyong kaibigan kong hinahanap mo sa akin kanina."

"E-Emma," turan niya na bahagyang nauutal, "s-si Ruth ba talaga iyon?"

Tumaas ang kilay nito at lihim na napangiti. "Wala nang iba! Bakit mukhang hindi ka makapaniwala

riyan? Talagang magaling sumayaw ang friend kong iyan kaya lang ay mahiyain. Ako nga lang ang pumilit sa kanya na sumali sa audition ng Salinggalaw."

"Ang ibig kong sabihin… maganda pala talaga siya," walang kurap pa rin na komento niya.

"Aba, talaga. Lagi lang nakasimangot kasi parati mong inaasar," sabi ni Emma.

Napalingon ang dalawa sa likuran dahil sa komento ng dalawa ring senior students na lalaki.

"Mar, ano kaya ang pangalan noong babaeng iyon na nalaglagan ng straps? Ang ganda niya, ano?" komento ni Rick, na presidente ng student council at crush ng bayan.

"Si Ruth Villarama iyon. Scholar iyon, pare! Third year siya at first honor ng klase nila. Kabilang siya sa section Love," tugon ng kausap.

"Bakit ngayon ko lang siya nakita?"

"Puro aral lang iyan, pare. Bahay-eskuwela ang tipo niya. Walang hilig sa mga social functions."

"Teka nga muna…" Tinapik ni Rick ang kaibigan. "Bakit marami kang alam tungkol sa kanya?"

Natawa si Mar. "Pare, kapitbahay ko si Ruth.

Taga-*Alido Heights Subdivision* din siya."

Tila nasiyahan si Rick sa isinagot ng kausap.

"Talaga? Baka puwede mo akong ipakilala kay Ruth. Type ko siya. Maamo ang mukha niya at parang mabait."

"Mabait talaga iyan. Hayaan mo, kapag natiyempuhan ko, ipapakilala kita sa kanya."

Napansin ni Emma ang biglang pagdidilim ng mukha ni Aaron. Kababanaagan ito ng selos ngunit ayaw magpahalata.

"O, bakit ganyan ang hitsura mo?" Marahang siniko niya ang katabi para lalong inisin. "Nagseselos ka, ano? Huwag mo nang itago, halatang-halata naman. Namumula ka sa galit."

"Bakit naman ako magseselos?"

"Hus! Huwag mo nang i-deny. Magaling akong kumilatis ng taong nagseselos," patuloy na pambubuska niya rito.

"Puwes, ngayon, nagkakamali ka," umiiwas na sabi nito.

"Hay naku, Mr. Samaniego! Kahit ano pa'ng pag-iwas mo, iisa lang ang natitiyak ko sa mga oras

na ito: Tulak ng bibig, kabig ng dibdib.” Tumawa ang babae nang umasim ang mukha ni Aaron.

# 2

Mula noon, naging matunog na ang pangalan ni Ruth sa buong *St. Vincent Academy*. Dumami rin ang kanyang mga manliligaw kabilang na si Rick Roxas na siyang pinakamasugid sa lahat.

Samantala, nanatiling humahanga nang lihim si Aaron sa dalagita. Huminto na rin ito sa pang-iinis sa kanya, ngunit madalas niya itong nahuhuling panakaw na nakatitig sa kanya. Bagay na lihim niyang ikinatuwa.

Minsang umuwi siya galing sa ensayo ng Salinggalaw, nagulat na lamang siya nang biglang sumulpot ito mula sa kung saan habang naghihintay siya ng sasakyan pauwi.

“Ginabi ka yata?” nakangiting bati nito.

Hindi niya ito tinapunan ng tingin. “Ngayon lang natapos ang practice. Kaunting panahon na lang kasi at nalalapit na ang inter-school dance contest.”

“Mukha yatang masyado mong sineseryoso ang pagiging miyembro ng Salinggalaw. Baka mapabayaan mo na ang academics mo. Hindi ba’t scholar ka rin?” tanong nito.

Sinulyapan niya ang binatilyo na ngayon ay nakatitig sa kanya. Bumilis ang pintig ng puso niya nang magtama ang mga paningin nila. Dala ng mga matang iyon, ang pinatay niyang damdamin para kay Aaron ay tila bigla na lang nagpupumilit na bumangon muli sa kanyang kaibuturan. Ngunit nang maalala niya ang nangyari sa marriage booth, kaagad napawi ang kakaibang bilis ng tibok ng kanyang puso at napalitan ng galit.

"Ano ba ang pakialam mo?" singhal niya.

Bumuntong-hininga si Aaron. "Ruth, alam kong nasaktan kita noon kaya nga gusto kong humingi sa iyo ng paumanhin. I'm sorry. Sana we can still be friends," sumamo nito habang hawak ang isang braso niya.

*Friends?* paulit-ulit na inuusal ng isip niya. Gusto niyang manlambot sa narinig. Tila napakaimposible talagang ligawan siya nito. Kung dati ay iniinsulto at pinagtatawanan siya nito nang malamang may pagtingin siya rito, ngayon naman ay hinihilingan siya nito kung puwede silang maging magkaibigan?

*Ano ba kasi ang problema mo, Ruth? Bakit mo pinagsisiksikan ang sarili mo sa isang lalaking walang gusto sa iyo? Bata ka pa at marami pang makikilala pagdating ng panahon*, inis na pagalit niya ang sarili.

Parang nilipad ng hangin ang mga iniisip niya nang magsalitang muli ang binatilyo. “Hindi ka yata hinatid ni Rick ngayon? Ng boyfriend mo?” tanong nito na pilit ang pagkakangiti sa pagbigkas ng pangalan ng manliligaw niya.

Tinitigan ito ni Ruth nang matalim. “Hindi ko siya boyfriend. At kung sakali man, wala ka na roon,” sambit niya sa tonong nagpipigil ng galit.

Likas ang pagkapilyo nito kaya nakuha pa nitong ngumiti. “Bakit hindi mo pa siya sinasagot? Guwapo naman iyong tao. Siguro ako pa rin ang hinihintay mo.” Kumindat pa ito.

Nagngalit ang mga ngipin ng dalagita. Sasampalin niya sana ang binatilyo ngunit nahawakan nito ang kanyang kamay.

“Kahit ilang ulit mo pang itanggi ang totoo sa akin, alam kong may gusto ka pa rin sa akin. Tama ba ako, Miss Villarama?”

“Bastos! Ang kapal talaga ng mukha mo! Hambog!” bulyaw niya. Mabilis niyang pinara ang isang jeep na dumaan.

Mangiyak-ngiyak siya habang lulan ng sasakyan. Sinisisi niya ang sarili kung bakit si Aaron pa ang pinag-ukulan ng pansin noon. At dahil sa tindi ng

paghanga niya rito, naisulat niya sa slumbook ng isang kaklase na ang binata ang kanyang crush. Ang hindi niya inaasahan ay nang papirmahin din ng kaklase niyang iyon ang binatilyo. Di-sinasadyang nabasa ni Aaron ang iba pang sumulat sa slumbook at nabasa nito mula roon na crush ito ng isang third year student na nagngangalang Ruth Villarama.

Hiyang-hiya siya sa sarili nang sabihin ng pilyang kaklase na may-ari ng slumbook, na nabasa ng binatilyo ang tungkol doon. Ni hindi na niya nakuhang magalit sa kaklase dahil siya ang dapat sisihin sa nangyaring iyon. Dangan ba namang lantaran niyang isulat iyon samantalang alam niyang maraming puwedeng makabasa niyon at hindi lamang si Aaron.

Huminga siya nang malalim pagkaalala sa insidenteng iyon. Hindi na niya iintindihin kung malaman man ng buong mundo na may gusto siya sa schoolmate. Ang importante ay madala niya nang maayos ang pagkapahiyang iyon. At bahagi ng plano niya ang hindi pagpansin sa binatilyo.

---

Pagkatapos ng inter-school dance contest, excited na bumalik ang grupo ng Salinggalaw sa kanilang eskuwelahan para ihatid ang tropeong

napanalunan sa kanilang principal. First place sila sa naturang competition at si Ruth ang tumayong lead dancer.

Paglabas ng principal's office ay namataan niya si Rick na naghihintay. Ngumiti kaagad ito nang makita siya na noon ay naka-costume pa rin. Nilapitan siya nito at kinamayan.

"Congrats, Ruth! Ang husay daw ng performance mo sa inter-school dance contest. Ikaw daw ang nagdala," bati nito.

Nagkunwang umirap siya. "Rick, ha? Nambola ka pa samantalang grupo kami." Pagkuwan ay tumawa siya.

Sumeryoso naman ang manliligaw. "Puwede ba kitang imbitahing mag-dinner mamayang gabi? Susunduin kita sa bahay ninyo mga seven o'clock."

Hindi kaagad siya nakasagot sa tanong nito. Sa tiyaga at bait na ipinapakita ni Rick, gusto sana niyang paunlakan ito. Kung ang mga katangian at hitsura nito ang magiging basehan para sagutin niya ito ay puwedeng-puwede ang binatilyo. Pero parang may kulang dito na hindi niya matukoy kung ano.

Napabuntong-hininga siya. Sinubukan niyang kapain ang desisyon ng kanyang puso. Kahit

anong lalim ng ginawa niyang pagdama ay wala siyang maramdaman kahit katiting man lamang na pagtingin para rito.

Mayamaya ay nakaisip siya ng dahilan para tumanggi. “Pasensya na. Alam mo namang hindi na ako nakakalabas ng bahay kapag gabi na. I’m sorry, Rick. Puwede kang bumisita sa bahay pero mahigpit ang mga magulang ko lalo na ang Daddy when it comes to dating. Sinabi niya, when I reach the age of eighteen, saka pa lang ako puwedeng makipag-date at sa ngayon, sila pa rin daw ang masusunod.”

Totoo ang sinabi niya. Ang mga bagay na ito ang laging pinapaalala sa kanya ng mga magulang. Mabait namang bata si Ruth at wala siyang makitang dahilan para hindi niya sundin ang mga ito.

Ngumiti ito. “Okay lang sa akin iyon. I understand. Kaya ko namang maghintay.”

“Rick…” Hinawakan niya ang braso ng lalaki. “Alam mo rin na hindi pa ako puwedeng makipag-boyfriend.”

Sandaling natahimik ito. Pag-angat nito ng ulo ay namalas ng dalagita ang isang mapait na ngiti sa mga labi nito.

“Ruth, I want you to be honest with me. Marami

ang nakakaalam ng pagkakagusto mo kay Aaron Samaniego. Siya ba ang dahilan kung bakit ayaw mo sa akin?" prangkang tanong nito.

Naningkit ang mga mata niya. "Rick, wala akong sinasabi na ayaw ko sa iyo at lalong walang kinalaman si Aaron sa desisyon ko. Kung lagi mong ipagdidiinan sa akin ang bagay na sinabi mo, malamang ay itigil ko na rin ang pakikipag-usap sa iyo."

Marahil ay nabigla rin ito sa mga sinabi, mabilis na hinawakan nito ang isang kamay niya. "I'm sorry. Natanong ko lang naman iyon dahil nagseselos ako kay Aaron. Mahal kita, Ruth."

"Rick, kung puwede sana ay huwag muna nating pag-usapan ang tungkol sa bagay na iyan. At isa pa, binura ko na si Aaron sa isip ko at wala akong balak na pansinin pa siya."

Ngumiti ito. "Kung iyan ang gusto mo, walang problema sa akin. Gusto ko lang na malaman mo na handa pa rin akong maghintay."

Hindi na sumagot si Ruth. Bagkus, nginitian niya ito.

"Siguro naman, hindi mo na ako tatanggihan kung ihahatid kita ngayon?" pakiusap nito.

“Sige, ikaw ang bahala. Sandali lang at magpapalit ako ng damit.”

---

Minsang ginabi si Ruth mula sa pag-eensayo ng sayaw, mag-isa na lamang siyang lumabas ng gate ng school. Pinauna na niya si Emma dahil marami silang assignments noong araw na iyon. Hindi na rin siya nagpahintay kay Rick dahil nahihiya na siya rito kung lagi na lamang siyang magpapahintay at magpapahatid hanggang bahay kahit alalang-alala ito sa kanya.

Habang naglalakad sa maliit na kalye na iyon palabas sa main road, napansin niya ang tatlong lalaking nakaistambay sa di-kalayuan. Mukhang lasing na ang mga ito. Kinabahan siya nang makita ang isa sa mga ito na pumagitna na tila haharangin siya.

Nang tingnan niya ang sarili, napagtanto niyang nakasuot siya ng maikling shorts at sando. Biglaan kasi ang ensayo nila ngayong araw kaya hindi siya nakapagdala ng extra na damit na pang-ensayo. Ang suot niya ngayon ay ang natirang damit sa locker niya at dahil sa kagustuhang makauwi na, hindi na siya nagpalit muli ng uniporme.

Pinituhan siya ng isang lasing nang mapatapat siya sa umpukan ng mga ito. Kumabog ang dibdib niya sa nerbyos. Sinakluban siya ng takot.

“Miss, ginagabi ka yata. Puwede ka bang i-table?” nakangising sabi ng isa.

Hindi niya pinansin ang mga ito. Sa halip ay binilisan niya ang lakad. Sa pagkadismaya niya, sinundan pa siya ng mga ito.

Nagsalita ang isang balbas-sarado. “Baka naman puwedeng makahalik sa iyo, Miss Beautiful? Gusto ko sa lips, ha!”

Nagtawanan pa ang mga ito. Gustuhin mang bumalik ni Ruth sa eskuwelahan ay alam niyang malayo na siya roon. Mas malapit na siya sa kanto ng main road na alam niyang may mangilan-ngilan na taong nag-aabang ng sasakyan. Minabuti niyang bilisan na lang ang mga hakbang kaysa bumalik pa sa pinanggalingan. Siguro naman ay hindi na siya susundan ng mga lasing doon.

Namutla siya nang mahablot siya ng ikatlong lalaki sa braso at sapilitang hinihila siya patungo sa kung saan. Wala siyang magawa kundi ang umiyak at makiusap.

Sa hindi niya maipaliwanag na kadahilanan,

nanlalambot na nabigkas niya ang isang pangalan. “Aaron...” Wala na siyang lakas dahil sa pagod na katawan. Pakiramdam niya ay katapusan na ng mundo para sa kanya.

Halos himatayin siya nang may nagsalita mula sa kanyang likuran. Dininig ng Diyos ang dalangin niya! Laking pasasalamat niya nang makita kung sino ang dumating.

“A-Aaron?”

Nanlilisik ang mga mata ng binatilyo sa galit habang nakakuyom ang mga kamay.

“Pare… makikisalo ka p—” Hindi na naituloy ng balbas-sarado ang sasabihin dahil nasuntok na ito ni Aaron sa mukha.

Dahil doon, nabitiwan ng dalawang lalaki si Ruth.

“Aaron, mag-iingat ka!” nag-aalalalang sigaw niya.

“Talagang pakialamero ka, ano? Puwes, sisirain ko ang pagmumukha mo! Heto ang sa iyo!” Inundayan ng suntok ng isa pang lalaki ang binatilyo.

Dahil matangkad si Aaron at may kalakihan din ang pangangatawan, nasangga nito ang suntok ng

lalaki at nagawa pa nitong pilipitin ang braso niyon.

Lumapit ang dalawang istambay at aktong hahawakan ng isa ang mga braso ni Aaron habang ang isa pa ay tila balak birahan sa sikmura ang tagapagligtas ni Ruth.

Biglang humulagpos ang pagkakahawak ng mga ito sa binatilyo nang tamaan ng ilaw mula sa flashlight ng isang matandang lalaking taga-roon na eksaktong naparaan. Ito ang nahingan ni Ruth ng tulong. Ilang sandali pa ay naglabasan na ang mga tao. Dagling sumibad ng takbo palayo ang mga lasenggo.

Nag-aalalang nilapitan ng dalagita si Aaron. Hinawakan niya ang braso nito. "O-okay ka lang? Nasaktan ka ba?"

Tiningnan siya nito. "Ako ang dapat magtanong niyan. Nasaktan ka ba ng mga walanghiyang iyon?" tanong nito, mahihimigan ang pag-aalala sa tono.

Nginitian niya ang lalaki. "Okay lang ako. Thank you, ha. Kung hindi ka dumating ay malamang napahamak na ako nang tuluyan."

Nagpasalamat sila sa mga taong tumulong sa kanila lalo na sa matandang lalaki. Nang matiyak na ligtas na sila ay saka lamang sila iniwan ng mga

ito. Napag-alaman na mga dayo lamang ang mga lalaking iyon. Hindi na siya nakatanggi pa nang ihatid siya ni Aaron hanggang sa bahay nila.

"Sadyang hinintay kita kanina. Nakita ko kasing umalis na sina Emma at Rick. Pauwi na rin sana ako nang marinig ko ang maitim na balak ng mga istambay na iyon sa sinumang babaeng mapapadaan sa eskinitang 'yon kapag madilim na. Alam kong gagabihin ka kaya bumalik ako sa school para hintayin ka. Hindi nga ako nagkamali," paglalahad nito habang lulan sila ng jeep.

Lihim na ikinatuwa ng dalagita ang narinig. Hindi niya akalain na sa kabila ng ginawa nito sa kanya noon ay may kabutihan naman pala ito.

"Bakit?" tanong niya.

Nagtatakang tinitigan siya nito. "Anong bakit?"

"Bakit concerned ka sa akin? Puwede mo naman akong pabayaan na lang. Baka nga ikatuwa mo pa kung may mangyari sa aking masama."

Sandaling hindi nakakibo ang binatilyo. Mayamaya ay malungkot na nagsalita ito. "Ganoon ba talaga ang pagkakakilala mo sa akin, Ruth?"

Nang hindi siya sumagot, napailing ito.

"B-baka hindi ka maniwala kapag sinabi ko sa iyo kung bakit iniingatan kita," anito na hindi makatingin sa kanya.

"Sabihin mo muna kaya kung bakit. Titingnan ko kung maniniwala ako."

Sinalubong ng mga mata ni Aaron ang paningin niya. "Mahal kita, Ruth. Ayokong may mangyaring masama sa iyo. Nagseselos ako sa tuwing nakikita ko kayong magkasama ni Rick," pagtatapat nito.

Si Ruth naman ang hindi makapagsalita. Pakiramdam niya ay isinasayaw siya sa hangin. Hindi niya inaasahan ang sinabi nito. Hindi niya malaman kung ano ang isasagot.

Nagbuntong-hininga ito. "Hindi ka nga naniniwala," dismayadong sabi nito.

"H-hindi sa ganoon. Nabigla lang kasi ako. Ang alam ko, isa akong katatawanan sa inyo ng mga kaibigan mo nang makarating sa inyo ang balitang… may gusto ako sa iyo. P-pero noon iyon. Hindi na ngayon," nauutal na sambit niya.

"D-dahil ba kay Rick?" nananantyang tanong ni Aaron.

Napailing siya. "Hindi ko alam. Hindi ko

masasagot ang tanong na iyan," paiwas na sagot niya.

He sighed. "Kailanman ay hindi ka naging katatawanan sa akin o kanino man. Alam mo ba kung bakit nanunukso sina Gabby at Francis tuwing makikita ka namin?"

Umiling si Ruth. Sa totoo, kinakabahan siya sa pag-uusap nilang iyon. Hindi niya maintindihan kung anong ligaya ang nadarama niya nang mga sandaling iyon. Tumatanggi ang puso niya sa tuwing sasabihin ng kanyang isip na wala na siyang pagtingin para rito. Matamlay rin siya kapag hindi niya nakikita si Aaron sa maghapon.

Humugot ito ng isang malalim na buntong-hininga. "Freshman ka pa lang noong una kitang makita sa canteen. Pinagtanong ko agad ang pangalan mo. Ang sabi ko sa sarili ko, liligawan ko ang babaeng iyon. Pero hindi matuloy-tuloy ang panliligaw ko kasi parang tumitiklop ang mga tuhod ko kapag nasasalubong kita. Isa pa, bahay-eskuwela ka at lalo akong na-intimidate nang malaman kong scholar ka. Sa loob-loob ko, hindi mo ako magugustuhan. Kaya nagkasya na lang ako sa patingin-tingin sa 'yo. Alam ng barkada ko ang tungkol doon kaya palagi nila akong tinutudyo

kapag nasa malapit ka," seryoso nitong lahad.

Namula si Ruth sa natuklasan. Maligayang-maligaya siya.

Nagkunwang umismid siya para mapagtakpan ang katuwaan niya. "Kung ganoon, bakit parang nakikisakay ka pa sa mga biro nila?"

Ngumiti ang lalaki. "Dahil doon lang lumalakas ang loob ko na matitigan ka nang malapitan. Kahit may kapilyuhan ako, natatameme ako pagdating sa 'yo."

Napangiti rin si Ruth. Hindi niya maiwasang kiligin sa mga ipinagtapat nito.

"Bakit ka nangingiti?" tanong nito.

Nagkibit-balikat siya. "Wala lang. Akala ko kasi talaga ay mayabang, presko at babaero ka. Kaya nga pati si Dianne ay nililigawan mo daw."

Napakamot ito sa batok. "Hindi ko nililigawan si Dianne. Close lang kaming dalawa dahil magkapitbahay kami. Matagal na kaming magkakilala. Ganyan naman sa school, kapag nakitang lagi kayong magkasama, gumagawa na sila ng conclusion na karelasyon mo 'yun. Ikaw ang mahal ko, Ruth."

Pumapalakpak ang mga tainga niya sa mga narinig. Ganoonpaman, hindi siya nagpadalus-dalos ng desisyon. Kahit biglang nanumbalik ang pagtingin niya rito, sinabi niyang bigyan pa siya nito ng sapat na panahon para makapag-isip at matimbang ang damdamin.

# 3

Dahil sa insidenteng iyon, unti-unti nang napalapit ang loob ni Ruth kay Aaron. Walang araw na hindi sila magkasama at magkasabay umuwi.

Tuwing may ensayo ang dalagita ay matiyagang naghihintay ang lalaki sa covered walk ng *St. Vincent Academy*. Wala itong pakialam sa mga kaklase, tuksuhin man itong humahabul-habol sa isang babae.

Ang ibang manliligaw ni Ruth ay dumistansya na nang malamang seryosong nanliligaw si Aaron sa kanya. Ngunit si Rick ay naging mas pursigido at determinado.

Kung si Aaron ang hari ng panliligaw mula Lunes hanggang Biyernes, kay Rick naman ang araw ng Sabado. Panay rin ang padala ng huli ng flowers and chocolates at maging mga magulang ng dalagita ay nililigawan na rin nito. Nalaman nilang kaklase pala ng kanyang ama ang papa ni Rick noong kolehiyo at naging close palang magkaibigan ang mga ito. Walang dahilan upang hindi ito mapalapit sa mag-asawa.

Ayon sa kanyang ama, nakikitaan nito si Rick ng sense of responsibility at sa edad na sixteen, presidente pa ito ng student council. Napapaismid si Ruth tuwing ito ang topic nila sa hapag-kainan.

---

Naglalakad sina Ruth at Emma sa covered walk at patungong canteen nang mamataan nila ang grupo ni Aaron na kaagad na napatingin sa kanila.

"Nagsabi na ba sa iyo si Aaron na kukunin ka niyang kapareha sa JS Prom?" excited na tanong ng kaibigan.

"Hindi pa. Alam mo bang naunahan pa siya ni Rick na magsabi sa akin," nakalabing tugon niya.

"Talaga? O, eh, ano ang sinabi mo kay Rick? Pumayag ka ba?" Tumango siya. Lalong tumaas ang kilay nito habang nakapamaywang. "Ano! Bakit ka pumayag? Sigurado akong ikaw din ang gusto ni Aaron na makapareha. Hindi ba't siya rin naman ang gusto mo at hindi si Rick?"

"Ano ang magagawa ko? Ano ang sasabihin ko kay Rick? Nauna siyang lumapit sa akin. Paano kung si Dianne pala ang partner ni Aaron? Kapag nagkataon, maghihintay lang ako sa wala. Isa pa, hindi ko naman boyfriend si Aaron. So may

karapatan akong pumili kung sino ang gusto kong maging escort sa prom.”

“Karapatan? My darling Ruth, si Aaron nga ang gusto mo, hindi ba? Sinasadya mo lang yata ’yan para magselos iyong isa, eh. Sige ka, baka mamaya ikaw ang matakot sa sarili mong multo. Pinapaalalahanan lang kita. Oo nga at mabait si Aaron, pero may likas na kapilyuhan iyon. Paano kung hindi niya matiis ang pagseselos niya? Isipin mo kung ano ang puwede niyang gawin.”

Napag-isip si Ruth sa sinabi nito. May katuwiran nga si Emma pero huli na. Si Rick ang magiging partner niya sa JS Prom. Hindi na niya puwedeng bawiin iyon.

*Bahala na*, desisyon ng isip niya.

Nagulat siya nang magsalita si Aaron. Nakalapit na pala ito.

“Mukhang seryoso ang pinag-uusapan ninyo, ah!” nakangiting bati ng binatilyo.

“Excuse me sa inyong dalawa, mauna na ako sa canteen. Ako na rin ang o-order ng lunch natin, Ruth,” paalam ni Emma.

Nang makalayo ang babae ay saka lang nagsalita

ai Aaron. “Ruth, puwede ba kitang maging partner sa JS Prom?”

Inaasahan na niya ang tanong na iyon ngunit bakit ngayon ay natataranta siya? Hindi niya malaman kung paano sasabihin dito na si Rick ang magiging partner niya. Ayaw niyang mamalas ang magiging reaksyon ni Aaron kapag nalaman ang tungkol doon.

“Ha? Bakit ngayon mo lang ako tinanong? Akala ko kasi, may partner ka na kaya pumayag akong maging partner ni Rick.”

“Ano! Bakit hindi mo ako hinintay?” Tumiim ang mga bagang nito.

“Balita kasi sa buong school na si Dianne na ang partner mo kaya pumayag ako sa alok ng iba,” katuwiran niya.

Nahalata niya kaagad ang pagseselos ng kausap. Dumilim ang anyo nito. Ang totoo, medyo sinadya nga niya ang lahat. Gusto niyang makita ang pagseselos ni Aaron. At ngayong kitang-kita ng dalawang mata niya ang galit nito, parang gusto niyang sapakin ang sarili.

Lalong bumilis ang tibok ng puso ni Ruth nang biglang tumalikod ito at hindi man lamang lumingon.

Sinubukan niyang tawagin ang lalaki ngunit tila wala itong narinig. Kinabahan siya. Kilala niya ito. Naalala rin niya ang sinabi ni Emma. Hindi papayag si Aaron na maungusan ng iba, lalo na kung kay Rick na mahigpit nitong karibal.

Nang hapong iyon, wala si Aaron sa covered walk kung saan siya nito parating hinihintay. Ang nakita niya roon ay si Emma.

"Nakita mo ba si Aaron?" nag-aalalang tanong niya sa kaibigan.

"Oo, kaaalis lang. May importante raw siyang aasikasuhin sa bahay nila. Bakit, may usapan ba kayo?"

Napayuko siya. "W-wala naman kaya lang…"

"Kaya lang ay ano?"

"Kalimutan mo na," malungkot na sabi niya.

Natunugan ni Emma kung ano ang nangyari at habang papalabas sila ng school gate para umuwi ay pulos sermon ang inabot niya rito.

---

Pagsapit ng araw ng prom, excited si Ruth. Alam niyang magkikita sila roon ni Aaron kahit

hindi ito ang kanyang kapareha. Nakasuot siya ng simple ngunit eleganteng light yellow gold gown. Napatingkad lalo niyon ang kaputian at kakinisan ng kanyang balat.

Ang ginamit nilang sasakyan ay ang kotseng ipinahiram ng ama  ni Rick. Nakarating na sila sa multi-purpose hall na pagdarausan ng okasyon. Nakaalalay ang escort sa kanyang baywang habang papasok sila sa loob.

Nagpalakpakan ang mga estudyante habang pumapasok sila mula sa entrada ng lugar na iyon. Palibhasa ay pareho silang kilala sa school at maganda at guwapo pa. Sa ibang mesa naupo si Emma at ang kapareha nitong si Gabby na kaibigan ni Aaron.

Abala ang lahat sa pakikipagkuwentuhan samantalang si Ruth ay abalang hinahagilap ng mga mata si Aaron. Nalungkot siya nang hindi ito matanaw. Naisip niyang masama talaga ang loob nito sa kanya.

Natigilan siya nang biglang nagpalakpakan muli ang karamihan ng schoolmates. Nang tingnan niya ang direksyon na pinagtutuunan ng mga estudyante ng atensyon, nakita niyang papasok si Aaron sa entrance ng hall, kaagapay ang isang maganda at

sexy na babae. Sophisticated ito kaya nang masuring mabuti ito ni Ruth mula ulo hanggang paa ay parang gusto niyang inumpog ang ulo niya sa pader dahil sa matinding selos. Ito yata ang karma sa mga nagawa niya kay Aaron.

Pamilyar ang mukha ng babaeng iyon at nakakasiguro siyang na hindi ito estudyante ng *St. Vincent Academy*.

"Kilala ko iyan!" bulalas ng isang babae sa kalapit na mesa. "Siya si Christine Fontanilla, ang nanalong *Miss Malolos* noong isang taon."

Tama, naalala na ni Ruth. Nakita niya na ang former beauty titlist nang minsang magsimba ang pamilya niya sa Barasoain Church noong isang taon. Nag-init pa nga ang ulo niya noon dahil hindi kaagad nakalabas ang kotse nila mula sa bakuran ng simbahan nang dumaan ang motorcade ng Christine Fontanilla na iyon sa main road. Kumakaway-kaway pa ito sa mga taong nanonood at pagkatamis-tamis ng ngiti nito. Kapapanalo lamang nito bilang *Miss Malolos* nang panahong iyon kaya bilang pagpapakilala rito, inilibot ito sa buong bayan ng Malolos.

"Ang tindi talaga ng appeal ng Aaron Samaniego na iyan. Akalain mong naisama niya iyan dito? Kilala

ang pamilya ng Christine na iyan sa Sta. Isabel at balitang suplada sa mga lalaki," sabi muli ng babae na tila sadyang inilalakas ang boses para marinig niya.

Parang nilalatigo ang kanyang dibdib nang mga sandaling iyon. Hindi niya malaman kung paano itatago ang pagseselos. Uminit ang mga pisngi niya habang ang mga kamay ay nanlalamig.

*Alam kong gumaganti siya sa pagtanggi ko sa kanya*, ani Ruth sa sarili.

Naupo sina Aaron at Christine di-kalayuan sa puwesto nila ni Rick. Kitang-kita niyang binulungan pa nito ang babae. Lalong umigting ang kanyang pagseselos.

"Ruth, okay ka lang?" nanunubok na tanong ni Rick. "Nawalan ka yata ng kibo nang dumating sina Aaron."

"Of course not!" mabilis na tanggi niya. "P-puwede mo ba akong ikuha ng punch?"

"Sure. Sandali lang ako."

"Salamat."

Pagkaabot nito ng punch, sinaid niya kaagad ang laman ng baso. Hindi niya namalayang nakatuon

ang mga mata ni Rick sa kanya.

"Dahan-dahan lang. Alalahanin mong may halo iyan na gin. Baka hindi mo na makayanang makipagsayaw sa akin mamaya," biro nito.

Isa-isang nagtayuan ang magkakapareha upang sumayaw sa dance floor nang pumailanlang ang kantang *Got To Believe In Magic* ni David Pomeranz.

Hinawakan ng kanyang escort ang isang kamay niya. "Sayaw tayo," nakangiting anyaya nito.

Wala sa mood si Ruth noong mga oras na iyon, ngunit nang makita niyang pumagitna si Aaron at ang kapareha nito upang sumayaw sa dance floor, hindi na siya nagdalawang-isip.

"S-sure."

Kung ang karamihan ay masaya at kampanteng sumasayaw, kabaligtaran ng mga ito si Ruth. Naasiwa siya dahil pakiramdam niya ay tinutupok siya ng nag-aapoy na tingin ni Aaron. Nang lakas-loob na lingunin niya ito at magtama ang kanilang mga mata, napatunayan niyang tama ang hinala niya.

Nang mapansin ng binatilyo na nakatingin siya, tila sinadya nitong hapitin palapit pa ang katawan ng kapareha. Nakangiti ang babae habang

nagkukuwento kay Aaron samantalang ang binatilyo naman ay panay ang bulong dito. Nag-iinit ang sulok ng mga mata na iniwasan na niyang tingnan pa ito.

Kahit hindi pa tapos ang awitin, niyaya na niya ang kapareha na bumalik sa upuan. Hindi niya makayanan ang tagpong iyon. Habang tumatagal ay sumisidhi ang pagseselos niya.

Mayamaya ay tinawag si Rick ng adviser nito para umaasiste sa mga panauhing hurado sa pagpili ng Prom King and Queen.

Sinamantala iyon ni Ruth para makalabas ng hall. Nakahinga siya nang maluwag nang makalanghap ng sariwang hangin. Nagpatuloy siya sa paglalakad hanggang sa marating niya ang parking lot.

Tumigil siya sa tabi ng halamanan doon sa gawi ng kumpul-kumpol na santan. Pahalukipkip niyang hinimas ang nanlalamig na mga braso. Nakalimutan nga pala niyang bitbitin ang alampay niya at naiwan sa upuan. Gusto man niyang balikan iyon, nagbago siya ng isip dahil sa isiping makikita pa niya si Aaron at ang kapareha nito. Niyakap na lang niya ang sarili.

Nagulantang siya nang may humawak sa braso niya at hinila siya sa isang sulok ng parking lot. Nang tingalain niya ito, nasilayan niya si Aaron na

seryoso at matigas ang anyo.

“A-Aaron, ano ba! Bitiwan mo nga ako!” singhal niya.

Tila wala itong narinig. Hinila pa rin siya nito palapit sa isang blue *Honda CR-V* na nakaparada sa sulok na iyon. Mabilis na dinukot nito sa bulsa ng gray slacks nito ang susi ng kotseng iyon. Marahas siya nitong ipinasok sa loob.

Pagkaupo ng binatilyo sa driver seat, tinitigan niya ito nang matalim.

“Ano ba ang problema mo, Mr. Samaniego?”

“Ikaw,” tiim-bagang na sagot nito ngunit derecho ang tingin sa labas ng windshield. Hindi nito pinaandar ang sasakyan. Nakaupo lamang sila sa loob.

“A-ako? Bakit naging ako?” Nagsalubong ang mga kilay niya.

“Oo, ikaw nga!” Tinitigan siya nito at mayamaya ay nagpakawala ng isang malalim na buntong-hininga. “Ruth, I know this may sound crazy but I think I love you. Hindi ko alam kung bakit. Basta ang alam ko ay mahal na mahal kita, Ruth. Ayokong mapunta ka sa iba lalo na sa lalaking iyon.”

Hindi siya kumibo kahit pa halos kurutin niya ang kanyang pisngi para masigurong hindi siya nananaginip. Hindi niya malaman kung paano kikilos nang tama dahil sa sobrang excitement. Ngayon lamang niya ito naramdaman.

Nagpatuloy ito, “Ruth, ano pa ba ang kailangan kong patunayan sa iyo? Mahal kita. Ano pa ang gusto mong gawin ko?”

Napangiti siya sa hitsura nitong tila desperadung-desperado.

Napakunot-noo ito. “May nakakatawa ba sa sinabi ko?”

Umiling si Ruth; nakangiti pa rin. “Wala. Hindi lang bagay sa iyo ang nagmamakaawa.”

“Hindi ako nagmamakaawa. Nagsusumamo ako at nakikiusap na sagutin mo na ako.”

“Paano kita sasagutin, may kapareha kang naghihintay sa hall? Beauty queen pa naman iyon,” aniyang may bahagyang panibugho pa rin.

This time, napatawa si Aaron. “Bakit, nagseselos ka ba kay Tin-Tin?” Tila dinurog ang puso niya sa palayaw na itinawag nito sa babaeng kasama nito. Dama niya ang familiarity roon.

"Maganda siya at may titulo pa rito sa bayan natin. Bumalik ka na sa loob ng hall. Malamang galit na galit na iyon sa iyo."

Waring may boltahe ng kuryenteng gumapang sa katawan ni Ruth nang hagilapin ng lalaki ang isang kamay niya at pisilin ang palad niya. "Pinsan ko si Christine. Kapatid ng father ko ang mother niya. Close kaming dalawa at wala akong hiniling sa kanya na hindi niya pinagbigyan. At alam niya ang pakay niya rito nang pumayag siyang maging kapareha ko."

Gumuhit ang ngiti sa mga labi niya. "Hmm… at ano ang pakay niya rito kung gayon?"

Pinisil ni Aaron ang baba niya. "Tulungan akong pagselosin ka."

"Ah, ganoon!" kunwa ay nagagalit na asik ni Ruth.

Hindi na siya nakaimik pa nang hapitin nito ang mga balikat niya. Napadilat siya sa pagkabigla nang halikan siya nito sa bibig. Mayamaya ay pumikit siya upang namnamin ang tamis ng kanyang first kiss. Matagal ding nagniig ang kanilang mga labi. Sa umpisa ay marahan at maingat ang mga halik na iyon, ngunit habang tumatagal ay nagiging

mapangahas at mapaghanap.

Bahagya siyang napaurong nang mag-umpisang manaliksik ang mga kamay ni Aaron sa kanyang katawan. Napaungol siya nang masuyong haplusin ng isang kamay nito ang malusog niyang dibdib.

Ilang minuto ring pinagsawa nito ang mga kamay sa mga umbok na iyon. Nang hindi makontento, ibinaba nito ang straps ng gown niya at tila gutom na pinagmasdan ang nahantad niyang dibdib. Mayamaya pa ay pinapaliguan na nito ng mumunting halik ang dalawang bundok habang nilalaro ng dila nito ang mga dunggot.

Dala ng kabataan, kapwa sila natangay ng sari-sariling damdamin at ng kakaibang sensasyong bumabalot sa katauhan nila.

Hindi na nila alam kung ano ang tama at mali… tila nalimot na rin nila kung nasaan sila noon. Lalo pang naging mapusok ang dalawa hanggang sa humantong sa hindi nila inaasahan at hindi dapat mangyari.

Napaiyak si Ruth nang manumbalik ang katinuan. Maging si Aaron ay matagal natahimik.

Binalingan siya nito ng tingin. “Nagsisisi ka ba?”

Nanginginig na sumagot siya, “N-natatakot ako, Aaron. Paano kung… Hindi ko alam kung ano ang magiging kahihinatnan ng ginawa natin.”

“Ruth, I’m here. Don’t worry. Let’s just not think about that now. Kapag nagbunga ang ginawa natin ngayon, pananagutan ko. Ang mahalaga ay mahal natin ang isa’t isa. I love you, Ruth.”

“I love you, too, Aaron. Sana ay hindi ka magbago sa akin at sa pagmamahal mo.”

Napayakap sila sa isa’t isa. Muling napahagulhol ang dalagita, ngunit nakaramdam siya ng seguridad sa mga yakap ng nobyo. At sa ngayon ay sapat na iyon upang mawala ang agam-agam niya.

# 4

*Thirteen years later…*

“Happy birthday to you!”

Pagkatapos kantahan ng mga kasamahan sa trabaho, isa-isang lumapit kay Ruth ang mga ito upang batiin siya.

“Thank you! Thank you!” Hindi siya magkamayaw sa pagpapasalamat.

Lumapit si Blessy, ang pinakamalapit at maituturing niyang matalik na kaibigan sa departamento. Napakabait nito at wala siyang maipipintas pagdating sa pakikisama sa kapwa kahit pa marami siyang ipinaglilihim dito.

“Friend, excited na ako sa gimmick natin mamaya.” Nakangiti ito at pakindat-kindat pa.

Natawa siya. “Ikaw talaga, Blessy! Basta kainan, excited ka.”

“Talaga! Iyon lang naman ang kaligayahan ko sa buhay, ’no!”

“Kaya nga iti-treat kita at huwag kang maingay

sa iba. Maliit lang ang budget ko. Ikaw nga lang limang katao na ang katumbas mo, 'no!" biro niya, bagaman may katotohanan iyon dahil medyo mataba ito.

"Sobra ka naman! Hindi naman lima, sampu!"

Nagkatawanan sila. Ganoon sila kababaw kung mag-usap. Minsan lamang sila magkahingahan ng loob kapag problema sa trabaho ang pag-uusapan pero madalas pang mauwi sa tawanan.

Isang certified public accountant si Ruth na nakasama sa top twenty ng mga kumuha ng Accountants Licensure Examination. Nagtapos siya bilang magna cum laude sa isang kilalang universidad sa Quezon City. Pagkatapos ng kolehiyo ay natanggap kaagad siya sa *NLL Holdings, Inc*. at ngayon ay isa na siyang junior financial analyst.

Limang taon na siya sa pinapasukan at maituturing na isa siya sa mga empleyadong ipinagmamalaki ng opisina. Masasabi ring paborito siya ng boss niya, at iyon ay dahil dedicated employee siya at lagi siyang nagpapasa ahead sa target deadline ng reports o anumang requirements na may kinalaman sa kanyang trabaho.

Masayang binati siya ng boss niyang si Mr. Cirilo

Quinicio. “Ruth, nagustuhan mo ba ang blowout ko sa iyo?”

Nginitian niya ito. “Hindi ko nga po alam kung paano kayo pasasalamatan, Sir.”

“Wala iyon. Alam naman ninyo na kapag may kaarawan sa mga staff ko, gusto ko ay laging mayroong pagsasaluhan.”

“Thank you, Sir.”

“O sige, enjoy yourselves. I have this executive meeting this afternoon at one o’clock at *Shangri-La*. Bahala na kayo rito sa opisina. Ayokong may naiiwang bukas na air-con at computer.” May awtoridad man ang tono nito, mababakas pa rin ang pagiging malumanay nito.

Si Andrea ang sumagot, isang mapapel at entremitidang nagkakalat ng tsismis na may relasyon sila ni Mr. Quinicio kung kaya raw siya paborito ng amo. “We’ll take care of everything, Sir,” anito.

Ngumiti ang matanda at muli siyang binalingan. “Ruth, I need your monthly report first thing in the morning tomorrow.”

“Yes, Sir.”

Iyon lamang at tumalikod na ito.

Nang tingnan niya si Andrea, nakaismid ito at masama ang tingin sa kanya.

"Hoy, Miss Andrea Lim! Ang haba na naman ng nguso mo. Baka mamaya pagbuka niyan, kung anu-ano na namang tsismis ang iluwa niyan," pang-iinis ni Blessy rito.

"Hmph!" ingos nito, sabay talikod.

Tinawag pa ito ng kaibigan niya. "Andrea, hindi ka ba kakain ng cake? Masarap pa naman, mmm…"

"Sa iyo lang, kulang pa iyan, eh!" sigaw ng babae habang pumapasok sa cubicle nito.

"Luka-luka!" balik-sigaw ni Blessy.

"Ano ka ba? Huwag mo na ngang patulan ang lukaret na iyon. Alam naman nating parang may topak iyon," aniya.

"Alam mo, Ruth, hindi ko maintindihan iyang si Andrea. Siya lang naman ang nag-iisip ng hindi maganda sa inyo ni Sir. Ang bait-bait nga ni Mr. Quinicio, pag-iisipan pa niya ng kalaswaan," anito habang walang-patid ang pagsubo ng spaghetti at cake.

"Hay, naku! Kahit ano'ng sabihin mo, hindi pa rin magbabago iyon. Ugali na niya iyon, eh."

"Sabihin na nating paborito ka nga ni Sir, pantay lang naman ang trato niya sa ating lahat, ah. Kahit sino'ng may birthday, sagot niya lagi ang pagkain. Kahit sino'ng lumapit na may problema, financial man o personal, siguradong hindi mapapahiya sa kanya. Talaga lang sigurong mas matalas ang utak mo kaysa sa amin."

Natawa si Ruth. "Tuloy naman ang blowout ko sa iyo. Bakit kaya binobola mo pa ako?"

"Totoo naman ang sinasabi ko. O, sige nga. Sino ang may perfect attendance rito? Ikaw. Sino ang kayang pumasok ng one hour ahead of time 'tapos nakayukyok agad sa mesa para magtrabaho? Ikaw. Sino ang halos araw-araw, alas seis na kung umuwi? Ikaw pa rin. Minsan nga naiisip ko, para kang may mga anak na kailangang suportahan sa sobrang sipag mong kumayod."

Natahimik si Ruth sandali. "Hindi ba nga, may adopted sister ako. First year high school pa lang si Aina, so kailangan ko talagang pag-ipunan ang future niya."

"Bakit ikaw? In the first place, ang parents mo ang may gustong mag-adopt sa bata, di ba?" tanong ni Blessy, patuloy pa rin sa pagkain. Tumango siya. "Eh, bakit ikaw ang kailangang mag-shoulder ng

lahat para sa future niya? Saka mag-aasawa ka rin at magkakaroon din ng sariling mga anak. Huwag mong ubusin ang lahat ng lakas mo. Save for your future life, for your future family. Isa pa, malalakas pa naman ang mga magulang mo."

Nagbuntong-hininga siya. "Alam mo, Bless, napamahal na sa akin iyong bata. Isa pa, mabait at matalino si Aina. Mula elementary ay first honor siya kaya mas nakakaganang suportahan siya."

Nagkibit-balikat na lamang ang kaibigan ngunit hudyat ng pagsang-ayon. "Well, kunsabagay, tama ka rin. Siguro if I were you, I would do the same thing. Baka nga mas higit pa."

"O, paano, 'balik na ako sa cubicle ko. I need to finish my report. See you later. At huwag ka nang mag-snacks mamaya para maluwang ang espasyo ng tiyan mo," pahabol ni Ruth.

Napahalakhak ito. "Alam mo ikaw, bastos ka talaga! Kung hindi mo lang birthday ngayon…"

"O, ano?" paghahamon niya.

Umirap ito. "Kakain pa rin ako kahit hindi mo birthday."

"O, kita mo na! Masiba ka talaga!" Natatawang

tumalikod na siya.

---

Nang hapon ding iyon sa parking lot ng *NLL Holdings, Inc.*, nabuksan na ni Ruth ang pinto ng kanyang lilac *Honda Civic* upang maupo sa driver seat nang mapansin ni Blessy na may papalapit sa kanila.

"Hay, look who's coming? Baka sumama pa iyang kumag na iyan sa atin, ah! Ayoko! Baka liparin ng hangin ang mga pagkain pati tapete ng mesa."

Si Brenan ang tinutukoy nito. Marketing officer ito sa kabilang departamento ng kompanya ring iyon. Matalino at guwapo ang binata kung tutuusin. Hindi nga lamang napapansin ang kalidad nito dahil nasasapawan ng kayabangan.

Manliligaw ito ni Ruth. Palibhasa ay mayaman ang pamilya, ginagamit nito ang pera sa panliligaw. Naroong regaluhan siya nito ng mamahaling alahas, pabango at maging appliances. Kung tawagin nga ito ng kanilang mga kasamahan sa trabaho ay Hapon, galante kung magregalo. Dangan lamang at walang tinanggap ang dalaga kahit isa sa mga iniregalo nito kaya lalong na-challenge ang binata sa kanya.

Bahagya siyang napangiti. Madalas kasing

nauuwi sa pikunan kapag sina Blessy at Brenan ang nag-usap. Mainit talaga ang dugo ng mga ito sa isa't isa. Kapag nga minsan, tinutukso niya ang kaibigan dito. Sa tingin kasi niya ay bagay ang dalawa kaya lang walang ginawa ang mga ito kundi magbangayan.

Lumapit sa kanila ang lalaki at nag-alok na ihatid sila. Bagong bili umano ang *Toyota Fortuner* nito pero magalang niyang tinanggihan iyon bago pa makapag-react si Blessy sa pagyayabang ng manliligaw.

"Puwede ba, dispatsahin mo na ang mayabang na bakulaw na iyon," anang kaibigan nang nagbibiyahe na sila.

"Hindi ba nga, makailang beses ko nang binasted iyon? Ano'ng nangyari? Nangungulit pa rin kaya nga hindi ko na pinapansin. Hinihintay ko na lang magsawa," turan niya.

"Sa tingin ko, hihinto lang iyon kapag nag-asawa ka na."

"Kanino naman? Wala nga akong mapisil sa mga manliligaw ko."

Nilingon siya ni Blessy. "Ano ba kasi ang hinahanap mong katangian sa isang lalaki?"

Napangiti si Ruth. "Ewan ko. Natatakot yata akong magmahal."

Napadilat ang kaibigan. "Bakit ka naman natatakot magmahal? Iyon nga ang pinakamasarap gawin sa buhay. Ako nga, gusto kong magmahal ng lalaki pero walang nanliligaw sa akin."

Natawa siya. "Mag-reduce ka kasi."

"Ikaw, ha! Lagi mo na lang akong inaapi. Kapag pumayat ako, aagawin ko lahat ng manliligaw mo." Nakataas ang noo nito at nakalabi pa.

"Pati si Brenan?" pang-iinis niya habang nangingiti.

"Hindi, ah! Ititira ko sa iyo ang bakulaw na iyon."

"Huwag kang magsalita nang tapos. Maraming napapahamak at napapabuti sa ganyan."

Humalukipkip ito. "Kahit siguro si Brenan na lang ang natitirang lalaki sa mundo, ayoko pa rin! Hindi ko kayang lunukin ang kahambugan niyon." Nagkatawanan sila. Mayamaya ay nagseryoso ito. "Seriously, ngayong twenty-eight ka na, what are you planning to do with your life?"

Nakatawang sinulyapan niya ito. "Hindi ba

dapat ako ang magtanong niyan sa iyo?"

Umirap ito. "Ako ang unang nagtanong kaya dapat sagutin mo, 'no!"

Iniliko niya ang kotse papasok sa parking lot ng isang kilalang restaurant sa Makati. "Hindi ba sinagot ko na iyan kanina? Gusto kong mapagtapos si Aina ng kolehiyo," tugon niya, sabay patay ng makina ng kotse.

"Hindi iyon. Ang ibig kong sabihin, plano mo bang mag-asawa o hindi?"

Tumahimik lamang si Ruth. Hindi na niya sinagot ang huling tanong nito. Tanging ngiti ang itinugon niya.

Pinili nilang maupo sa isang sulok ng restaurant at tinawag ang waiter.

"Hindi mo pa sinasagot ang tanong ko, Ruth," hirit ng kaibigan.

Nagkibit-balikat siya. "Ewan ko nga."

"Anong ewan mo?"

"Ewan ko. Hindi ko alam."

Natampal ni Blessy ang noo. "'Sus! Sa talino mong iyan, simpleng tanong hindi mo masagot?"

Habang bina-browse nila ang menu, patuloy sila sa kuwentuhan.

"Ibang aspeto kasi ang tinatanong mo kaya mahirap sagutin."

"Ano kaya ang mahirap doon? It's just a matter of simple planning," anito.

Nagpasalamat si Ruth nang lumapit ang waiter. Hindi na inulit pa ni Blessy ang pagtatanong tungkol sa plano niya sa buhay. Hindi nito alam na sinasadya niyang hindi sagutin ang mga bagay na may kinalaman sa pag-aasawa.

Hanggang ngayon, nakakaramdam siya ng kirot kapag ang bagay na iyon ang napapag-usapan. Dangan kasi, bumabalik sa alaala niya ang malungkot na nakaraan nila ni Aaron.

Mula noong lumipat sila sa Project 6 ay hindi na niya ito nakita. Minsan, nagpapasalamat pa siyang hindi na sila nagkita dahil pihadong ipamumukha nito ang nagawa niyang kasalanan at siguradong ibubunton nito sa kanya ang lahat ng sisi.